

Kunin ang Iyong Stimulus Check Mula sa IRS

Nakakatulong ang Mga Economic Impact Payment, o “Mga Stimulus Check” na mabawasan ang pinansyal na paghihirap dulot ng COVID-19

eitcoutreach.org/stimulus

Kwalipikado ba ako?

Kwalipikado ka kung:

- 1 Ang iyong suweldo ay mas mababa sa \$75,000 (walang asawa o kasal na naghahain nang hiwalay) o sa \$150,000 (kasal na naghahain nang magkasama). Kwalipikado ka rin kung wala kang suweldo.
- 2 Ikaw at ang iyong asawa, kung naghahain nang magkasama, ay parehong may valid na Social Security number (isang valid na Social Security number kung miyembro ng militar).
- 3 May ibang taong hindi ka ma-claim bilang dependent sa kanyang tax return.

Paano ko makukuha ang bayad?

Makikita mo ang status ng iyong bayad sa IRS.gov/GetMyPayment.

Wala kang kailangang gawin kung:

- Nakapaghain ka na ng mga buwis para sa 2018 o 2019; **O**
- Nakakatanggap ka ng Social Security, Social Security Disability Insurance (SSDI), o Supplemental Security Insurance (SSI); **O**
- Isa kang retiradong empleyado ng railroad o isa kang benepisyaryo ng Veterans Affairs (VA).

Ipapadala ng IRS ang iyong bayad sa pamamagitan ng direktang deposito o ng koreo. Makakatanggap ka ng sulat mula sa IRS na nagsasaad kung kailan nagbayad at kung paano nagbayad.

Kumpletuhin ang isang Online Form kung:

- Mas maliit sa \$12,200 (\$24,400 kung kasal) ang kinita mo noong 2019*; **AT**
- Hindi mo kailangang maghain ng tax return; **AT**
- Wala kang planong maghain.

Pumunta sa www.irs.gov/eip at i-click ang button para sa mga hindi naghain

Kumpletuhin ang form bago ang **Nobyembre 21** para alam ng IRS kung saan ipapadala ang iyong bayad.

Ihain na ngayon ang iyong mga buwis kung:

- Mas malaki sa \$12,200 (\$24,400 kung kasal) ang kinita mo noong 2019.

Paano maghain nang libre bago ang **Oktubre 15:**

Virtual na Tagahanda ng Buwis

Kung may access ka sa isang mobile phone o computer na nakakonekta sa internet, maaari kang humingi ng tulong para maihain ang iyong pederal na buwis at buwis ng estado. Pumunta sa GetYourRefund.org.

Ikaw Mismo ang Maghain ng Mga Buwis

Ihain ang iyong sariling mga buwis sa MyFreeTaxes.com o sa IRS.gov/FreeFile.

Volunteer Income Tax Assistance (VITA)

Bagama't sarado ang maraming site, ang ilan ay nag-aalok ng drop-off o virtual na tulong. Hanapin ang site ng iyong local na VITA para makatawag: irs.treasury.gov/freetaxprep/.

*Kung mayroon kang anumang kinita noong 2019, maaari kang maging kwalipikado para sa iba pang refund.

Ihain ang iyong mga buwis noong 2019 para makapag-apply para sa stimulus payment at ma-claim ang anumang karagdagang kwalipikadong credit.

Mag-ingat sa mga scam

HINDI makikipag-ugnayan sa iyo ang IRS sa pamamagitan ng telepono, email, text message, o social media para humingi ng personal na impormasyon – lalo na ng mga detalye ng bangko – o para hilingin sa iyong magbayad ng “processing” fee. Magpapadala ng sulat ang IRS.

Tinutukoy ng IRS ang perang ito bilang “Economic Impact Payment.” Malamang na hindi mula sa IRS ang mga pakikipag-ugnayan na gumagamit ng mga pariralang tulad ng “stimulus check” o “recovery rebate.”

ANG MGA DETALYE

► Direktang Deposito

Kung wala kang bank account, ang IRS ay magpapadala sa iyo ng papel na tseke ngunit magiging mas matagal ito. Kung wala kang bank account, makakatanggap ka pa rin ng direktang deposito sa pamamagitan ng paglalagay ng account number at routing number. Mahahanap mo ang mga numerong ito gamit ang:

- **Prepaid debit card** - Kapag nakakuha ka na ng card, maaaring kailangan mong direktang makipag-ugnayan sa kumpanya para mahanap ang account number at routing number na kailangan para sa direktang deposito.
- **Mga app para sa pagbabayad** – ang CashApp, Venmo, at PayPal ay nag-aalok na ngayon ng account number at routing number na magagamit mo para sa direktang deposito.

► Mga Pagbabago sa Address

Kung lumipat ka ng tirahan pagkatapos na maghain ng 2019 tax return, i-update ang iyong address sa iyong lokal na post office o sa moversguide.usps.com.

Kung wala kang permanenteng mailing address, maaari mong hilinging gamitin ang address ng kapamilya, kaibigan, o ng lugar na pinupuntahan mo para sa mga serbisyo (gaya ng klinika ng pangangalagang pangkalusugan, drop-in day center, shelter, community action agency, o simbahan).

► Self Employment/ Gig na Trabaho

Kung mahigit \$400 ang kinita mo sa self-employment noong 2019, dapat kang maghain ng tax return. Hindi babawasan ang iyong stimulus payment kung hindi ka pa nagbabayad ng buwis ng self-employment. Maaari kang singilin ng IRS ng mga late fee kung hindi ka magbabayad ng mga buwis bago ang Hulyo 15.

► Mga Imigrante

Kung kasal ka at magkasama kayong naghahain ng iyong asawa, may Social Security Number (hindi ITIN) dapat ang parehong mag-asawa para matanggap ang bayad. Kung walang Social Security Number (SSN) ang iyong mga anak, hindi ito makakaapekto sa \$2,400 na bayad sa iyo ngunit hindi ka makakatanggap ng \$500 na bayad para sa kanila.

Kung kasal ka at naghahain ka nang hiwalay sa iyong asawa at ang isa sa inyo ay may SSN at ang isa sa inyo ay may ITIN, hindi kwalipikado ang asawang may ITIN at kwalipikadong makatanggap ng \$1,200 ang asawang may SSN.

Kung ikaw at ang iyong asawa ay walang SSN, hindi ka makakatanggap ng \$500 na bayad para sa iyong mga anak kahit na may mga SSN sila.

MGA MABILISANG TIP

MGA ANAK

Makakatanggap ka ng \$500 para sa bawat dependent na anak na wala pang 17 taong gulang na may SSN o Adoption Taxpayer Identification Number (ATIN).

MGA PAPER RETURN

Kasalukuyang hindi nagpoproseso ng mga paper return ang IRS. Kung wala kang access sa internet, humingi ng tulong para makapaghain sa electronic na paraan.

SUPORTA SA ANAK

Kung hindi ka pa nakakapagbayad sa suporta sa anak, maaaring mabawasan o alisin ang iyong Economic Impact Payment.

MGA BACK TAX AT UTANG NA STUDENT LOAN

Hindi maaantala ang iyong bayad at matatanggap mo ang buong halaga.

MGA BENEPISYO

Ang iyong bayad ay hindi makakabawas sa mga benepisyong natatanggap mo mula sa SNAP, TANF, Medicaid, pederal na tulong sa renta, o iba pang programa. Hindi ito makakaapekto sa mga bayad para sa kawalan ng trabaho.

Para sa tulong sa saklaw sa kalusugan, pumunta sa healthcare.gov.

MGA BUWIS

Hindi binubuwisan ang mga bayad.